

PRESS RELEASE

ANG BOSES NG TAGAPAGSALING-WIKA



Enero 30 - Mayo 03, 2015

.....

Mga Artist: Sylvie Boisseau & Frank Westermeyer, Erik Bünge, Luis Camnitzer, Rainer Ganahl, Dora García, Joseph Grigely, Susan Hiller, Christoph Keller, Fabrice Samyn, Zineb Sedira, Mladen Stilić, Nicoline van Harskamp, Ingrid Wildi Merino

-

Curator: Martin Waldmeier
Laureate ng Award para sa Mga Batang Curator 2014 MARCO/FRAC Lorraine/SFKM

-

Ang eksibisyon ay kapa-ginawa ng 49 Nord 6 Est - FRAC Lorraine, MARCO, Museo de Arte Contemporánea de Vigo, at Sogn og Fjordane Kunstmuseum

.....

www.fracloorraine.org

Ngayon, kahit saan ay may mga pagsasaling-wika: pangangasiwa sa pandaigdigang pangangalakal ng mga paninda, pagpapahintulot sa mga diplomatikong negosasyon sa pagitan ng mga namumuno sa politiko, pagsasalin sa mga pang-araw-araw nating pagsasahimpapawid ng balita, pagpapahintulot sa online na komunikasyon sa pagitan ng mga bansa at mga kontinente, at pagpapakilala sa atin sa mga banyagang pelikula at literatura. Karamihan sa nalalaman natin tungkol sa mundo ay umabot sa atin sa pamamagitan ng pagsasaling-wika: habang ang tulin at tindi ng pandaigdigang komunikasyon at sirkulasyon ay bumibilis, ang pangangailangan sa pagsasaling-wika ay nadaragdagan.

Ang pagsasaling-wika ay karaniwang inuugnay sa kawalan. Makalipas ang lahat, ang mga wika at mga kultura ay hindi magkakaibang mga paraan sa pagsasabi ng pareho ngunit magkakaibang paraan sa pagsasabi ng magkakaibang bagay. Sa makatuwid ang pagsasaling-wika ay laging pagtatasa; isang walang hanggaanang mahirap na gawain ng pamamagitan sa pagitan ng magkakaibang pagpapahiwatig ng karanasan ng tao. Sa gayon, paano tayo makakaisip ng mga enkuwentro sa pagitan ng mga wika di lamang bilang paghamon at kahirapan, ngunit bilang pinagmulan ng pagiging malikhain at kaalaman? Paano natin mauunawaan nang kakaiba ang mundo sa magkakaibang wika? Ang pagsasaling-wika ba ay maaaring maging lugar para sa kritikal o pati subersibong aktibidad?

Ang pamagat ng proyektong ito, «Ang Boses ng Tagapagsaling-wika» o «The Translator's Voice», ay tumuturo sa dalawang temang direksiyon. Sa isang panig, pinapalooban nito ang ideya na pinakikita ang aktibidad - at ang boses - ng pagsasaling-wika, at ang muwestra ng pagpapahintulot ditong mailagay sa sentrong yugto bilang isang natatanging pinagmulan ng kaalaman tungkol sa likas na katangian ng pagkakaiba sa kultura. Sa kabilang panig, ang pigura ng tagapagsaling-wika ay nagiging isang kritikal na talinghaga para sa mga lingwistikong kondisyon ng globalisasyon at ang postcolonial na panahon: sa lumalaking pangangailangan - at ang kagalakan, at ang sakit - upang matuto ng mga banyagang wika; ang kusang-loob at hindi kusang multilingualism ng mga migrante; ang malubhang mga tagpo sa pagitan ng mga «pandaigdigang» na mga wika at «lokal» na mga kultura; at ang kababalaghan ng mga pinaghalong kultura at mga «binantasang» paraan ng pagsasalita at pagkaranasa sa mundo.

Sa gayon, ang pagsasaling-wika ay hindi na nagtatalaga ng isang propesyon lamang, o isang aktibidad. Ito ay kumakatawan sa kondisyon ng tao, at higit pa at mas madalas, nakita natin ang ating mga sarili na gumaganap sa papel ng isang tagapagsaling-wika...

Martin Waldmeier
London, 14.11.2014